
Ang Rancho Los Amigos Scale

Ang Rancho Los Amigos Scale ay isang sukatan na sumusubaybay sa mga pasyente sa kanilang paggaling sa TBI at paggising mula sa coma. Katulad ng pagiging natatangi ng pinsala sa utak; gayundin ang bilis ng paggaling. Hindi mahuhulaan ng isang tao ang bilis ng paggaling ng pinsala sa utak ng pasyente mula sa bawat antas, o kung sa aling antas maaabot ng pasyente ang isang plateau (yugto), na isang pansamantala o permanenteng pagtatag ng kalagayan sa proseso ng paggaling. Ang mga sumusunod ay maikling mga paglalarawan ng bawat antas sa sukatan na ito.

- **Antas 1:** Walang pagtugon: Ang mga pasyente ay mukhang nasa malalim na pagtulog at hindi tumutugon sa mga boses, tunog, ilaw o hawak (stimuli).
- **Antas 2:** Pangkalahatang pagtugon: Gumagalaw ang mga pasyente nguni't walang malinaw na dahilan. Maaaring buksan ng pasyente ang kanilang mga mata nguni't hindi magtutuon ng pansin sa anumang partikular na bagay.
- **Antas 3:** Lokal na pagtugon: Ang mga pasyente ay magsisimulang igalaw ang kanilang mga mata at magtutuon ng pansin sa partikular na tao o mga bagay. Maaaring masundan ng mga pasyente ang mga simpleng utos.
- **Antas 4:** Nalilito at Balisa: Ang mga pasyente ay masyadong nalilito kung nasaan sila at kung ano ang nangyayari. Hindi mapangalagaan ang sarili. Ang mga pasyente ay maaaring maging balisa, galit o nagsasalita ng mga nakakasakit na salita.
- **Antas 5:** Nalilito at Hindi Naaangkop, Hindi Balisa: Ang mga pasyente ay nananatiling nalilito at hindi maintindihan sa pag-uusap nguni't nakakasunod sa mga simpleng direksiyon. Nagagawa ng pasyente ang pangangalaga sa sarili nang may tulong. Mahina ang kanyang memorya at ang pagsasalita ay kadalasang hindi naaangkop. Hindi na malaking problema ang galit.
- **Antas 6:** Nalilito at Naangkop: Nauunawaan ang sinasabi ng pasyente at nakakagawa sila ng mga simpleng gawin tulad ng pagkain at pagbibihis. Maaaring maging mahirap ang pagkatuto ng mga bagong bagay.
- **Antas 7:** Awtomatiko at Naaangkop: Nagagawa ng pasyente ang lahat ng gawain sa pangangalaga sa sarili at karaniwan sila ay makatwiran. Mayroon silang kahirapang matandaan ang mga kamakailan na pangyayari o sa mga paglutas ng problema na maraming hakbang.

Ang Rancho Los Amigos Scale

- **Antas 8:** Nilalayan, Naaangkop: Nakahandang Tulong: Malayang nagagawa at nakukumpleto ang mga karaniwang gawain nang 1 oras sa kapaligiran na nakakagambala. Natatandaan at naipagsasama ang nakaraan at mga kamakailang pangyayari. Gumagamit ng mga kagamitan na tumutulong sa memorya para maalala ang iskedyul sa araw-araw, mga listahan ng "gagawin" at magtala ng mga mahalagang impormasyon. Sinisimulan at ginagawa ang mga hakbang upang kumpletuhin ang karaniwang gawain na pansarili, para sa sambahayan, komunidad, trabaho at paglilibang.

Kinikilala ang mga kahinaan at kawalan ng kakayahan kapag nanghihimasok sila sa pagkumpleto ng gawain nguni't nangangailangan ng nakahandang tulong upang gumawa ng naaangkop na pagkilos para sa pagwawasto. Iniisip ang tungkol sa mga kahihinatnan ng desisyon o pagkilos na may kaunting tulong. Labis ang pagtantiya sa o minamaliit ang mga kakayahan. Kinikilala ang mga pangangailangan at damdamin ng iba at tumutulong nang naaangkop na may kaunting tulong. Labis ang kalungkutan. Magagalitin. Mababa ang kakayahang matiis ang pagkabigo o madaling magalit. Mahilig makipagtalos. Mapag-isa. Nauunawaan at nakikilala ang mga hindi naaangkop na pag-uugali sa pakikisalamuha sa kapwa habang nagaganap ito at gumagawa ng pagkilos para sa pagwawasto na may kaunting tulong.

- **Antas 9:** Nilalayan, Naaangkop: Kailangan ng Nakahandang Tulong kapag Hiniling: Malayang nakapagpabalik-balik sa mga gawain at nakukumpleto ang mga ito nang hindi bababa sa dalawang magkasunod na oras. Gumagamit ng mga kagamitan na tumutulong sa memorya para maalala ang iskedyul sa araw-araw, mga listahan ng "gagawin" at magtala ng mga mahalagang impormasyon. Sinisimulan at ginagawa ang mga hakbang upang kumpletuhin ang mga karaniwang gawain na pansarili, para sa sambahayan, komunidad, trabaho at paglilibang. May kamalayan at kinikilala ang mga kahinaan at kawalan ng kakayahan kapag nanghihimasok sila sa pagkumpleto ng gawain. Nagagawang pag-isipan ang tungkol sa mga kahihinatnan ng desisyon o pagkilos nang may tulong kapag hiniling ito. Natatantiya nang wasto ang mga kakayahan nguni't nangangailangan ng nakahandang tulong upang umakma sa mga kinakailangan ng gawain. Kinikilala ang mga pangangailangan at damdamin ng iba. Maaaring magpatuloy ang depresyon. Maaaring madaling magalit. Maaaring magkaroon ng mababang pagtanggap sa kabiguan.

Ang Rancho Los Amigos Scale

- **Antas 10:** Nilalayon, Naaangkop: Malayang Umayos nang Kaunti:
Nagagawang pamahalaan ang maraming gawain nang sabay-sabay sa lahat ng kapaligiran nguni't maaaring mangailangan ng paminsan-minsang pahinga. Malayang nagagawa ang pagkuha, paggawa at pagpapanatili ng sariling mga kagamitan para tumulong sa memorya. Malayang nasisimulan at nagagawa ang mga hakbang upang kumpletuhin ang karaniwan at hindi karaniwan na mga gawaing pansarili, para sa sambahayan, komunidad, trabaho at paglilibang nguni't maaaring mangailangan ng higit sa karaniwang dami ng panahon at/o mga estratehiya na may bayad upang makumpleto ang mga ito. Tinatanggap ang epekto ng mga kahinaan at kawalan ng kakayahan upang makumpleto ang mga pang-araw-araw na gawain sa buhay. Malayang nagagawang pag-isipan ang tungkol sa mga kahihinatnan ng mga desisyon o pagkilos nguni't maaaring mangailangan ng higit sa karaniwang damii ng panahon kaysa sa karaniwan at/o mga estratehiya na may bayad upang pumili ng naaangkop na desisyon o pagkilos. Wastong natatantiya ang mga kakayahan at malayang nakakaakma sa mga kinakailangan ng gawain. Nagagawang makilala ang mga pangangailangan at damdamin ng iba at awtomatikong tumutugon sa naaangkop na paraan. Maaaring mangyari ang paminsan-minsan na mga yugto ng depresyon o pagiging madaling magalit o mababang patanggap sa kabiguan kapag may sakit, napapagod at/o nasa ilalim ng emosyonal na stress. Patuloy na naaangkop ang pag-uugali sa pakikisalamuha sa kapwa.

